



Ulat ng Kalidad ng Tubig para sa 2018

Nagagalak ang Lungsod ng American Canyon na ibahagi ang Taunang Ulat ng Kalidad ng Tubig para sa 2018. Idinisenyo ang ulat na ito upang ipagbigay-alam sa inyo ang tungkol sa kalidad ng tubig at mga serbisyong aming ihinahatid sa inyo araw-araw. Ang layunin namin ay magbigay ng isang ligtas at maaasahang mapagkukunan ng inuming tubig. Nakatuon kami sa pagtiyak ng kalidad ng inyong tubig at nais naming malaman ng aming mga pinahahalagahang kostumer ang tungkol sa kanilang sistema ng patubig. Kung may mga tanong kayo tungkol sa ulat na ito o sa kalidad ng tubig ninyo, mangyaring makipag-ugnayan sa Water Systems Manager (Tagapamahala ng Mga Sistema ng Patubig) sa (707) 647-4558. Para sa mga emergency pagkatapos ng karaniwang oras ng opisina o mga araw ng Sabado at Linggo o mga pista opisyal, maaaring tawagan ang Lungsod ng American Canyon sa (707) 995-8674. Upang matuto nang higit pa, dumalo sa anumang regular na iniiskedyul na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, na ginaganap sa una at ikatlong Martes ng bawat buwan nang 6:30 PM sa American Canyon City Hall Council Chambers sa 4381 Broadway, Suite 201.

Impormasyon sa Pinagmumulang Tubig

Saan nanggagaling ang tubig ko?

Ginamot ng Lungsod ng American Canyon ang 2517 acre foot ng tubig noong 2018 (katumbas ng isang acre foot ng tubig ang 325,829 na galon). Natatanggap ng lungsod ang pinagmumulang tubig nito mula sa State Water Project (SWP, Proyekto ng Patubig ng Estado) sa pamamagitan ng North Bay Aqueduct (NBA). Ang tubig ng NBA ay pang-ibabaw na pinagkukunan at nanggagaling sa Barker Slough.

Kabilang sa mga pinagkukunan ng inuming tubig (parehong tubig na mula sa gripo at de-bote) ang mga ilog, lawa, batis, sapa, imbakan ng tubig, bukal, at balon. Habang dumadaloy ang tubig sa ibabaw o ilalim ng lupa, tinutunaw nito ang mga likas na nabubuon mineral, radyoaktibong materyal sa ilang pagkakataon, at maaaring makapulot ng mga elementong bunga ng presensiya ng mga hayop o aktibidad ng tao.

Impormasyon ng Sistema

Paano ginagamot ang tubig ko?

Binubuo ang American Canyon Water Treatment Plant (Planta sa Paggamot ng Tubig ng American Canyon) ng dalawang planta, isang kumbensiyonal na planta na gumagamit ng mga coagulant o pampalapot (na nagdudulot sa mga nakatigil na pinong partikula na magkumpol-kumpol) na sinusundan ng sedimentasyon at pagsala, at isang plantang lamad (membrane plant) na gumagamit ng mga lamad (membrane) na may maliliit na butas na angkop ang liit para salain palabas ang mga kontaminante, kabilang ang mga mikroorganismo. Dinidisipekta ang naisalang tubig gamit ang kloro (chlorine) at isinasaayos ang pH bago ang distribusyon. Ang mga prosesong ito ay patuloy na binabantayan at isinasaayos ng mga operador na sertipikado ng State Water Resource Control Board (Lupon ng Pagkontrol sa Mapagkukunang Tubig ng Estado) para sa pinakamahusay na pagsasagawa.

Sapat ang paglalaan ng American Canyon ng tubig ng NBA upang matugunan ang mga kasalukuyang pangangailangan ng sistema. Gayunman, dahil ang alokasyon ng SWP ay 62% lamang na maaasahan (Average na Normal na Taon), may kasunduan ang Lungsod sa Lungsod ng Vallejo para bumili ng ginamot na tubig sa pamamagitan ng isang koneksiyong matatagpuan sa Flosden Road. Makakapagbigay ang koneksiyong ito ng hanggang sa 56 na milyong galon kada buwan ng suplementong ginamot na tubig para sa Lungsod. May koneksiyon din ng ginamot na tubig ang Lungsod sa Lungsod ng Napa.

Nagdaragdag ba ang lungsod ng fluoride sa tubig?

Hindi nagdaragdag ang Lungsod ng American Canyon ng fluoride sa tubig. Gayunman, ginagawa ito ng Lungsod ng Vallejo, at dahil minsan ay idinaragdag ang tubig mula sa Vallejo sa sistema sa mga buwan ng tag-init kung saan mataas ang pangangailangan, maaaring makakita ng kakaunting dami ng fluoride.

Mga Pamantayan ng Pagsunod

Ligtas ba ang tubig ko?

Upang matiyak na ligtas na inumin ang tubig mula sa gripo, nagtatakda ang US Environmental Protection Agency (USEPA, Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos) at ang State Water Resource Control Board Division of Drinking Water (SWRCBDDW, Dibisyon ng Inuming Tubig ng Lupon ng Pagkontrol ng Mapagkukunang Tubig ng Estado) ng mga regulasyon na naglilimita sa dami ng ilang mga kontaminante sa tubig na inilalaan ng mga pampublikong sistema ng patubig. Nagtatakda rin ang mga regulasyon ng departamento ng mga limitasyon para sa mga kontaminante sa de-boteng tubig na dapat magbigay ng parehong proteksiyon para sa pampublikong kalusugan.

Ipinapahiwatig ng mga resulta ng lahat ng kinakailangang pagsusuri na naaabot o nalalampasan ng iyong inuming tubig ang lahat ng mga pangunahing pamantayan sa inuming tubig, na itinatakda ng pederal na batas na Safe Drinking Water Act (Batas sa Ligtas na Inuming Tubig), at SWRCBDDW. Dagdag sa kinakailangang pagsusuri, isinagawa ang karagdagang pagbabantay para sa mga hindi kontroladong organikong kemikal kung saan wala pang naitatakdang pamantayan ang USEPA at SWRCBDDW. Ang lahat ng mga resulta ay nasa baba ng mga limitasyon ng pagtuklas maliban kung iba ang binanggit.

Pagsusuri ng Bulnerabilidad

Ano ang nakakaapekto sa kalidad ng tubig?

Nakumpleto ang isang pagsusuri ng pinagmumulang tubig ng North Bay Aqueduct para sa Lungsod ng American Canyon noong Nobyembre 2011. Maaaring muling suriin ang kopya ng kumpletong pagsusuri sa City Hall, 4381 Broadway, Suite 201. Maaari ninyong hilinging ipadala sa inyo ang buod ng pagsusuri sa pamamagitan ng pagtawag sa (707) 647-4558. Itinuturing na bulnerable ang pinagkukunan sa mga aktibidad sa pagpapastol ng mga tupa at baka sa palatubigan na nauugnay sa sukat ng pagkalabo ng tubig (turbidity), kabuuang organikong karbon, at bakteryang coliform na natutuklasan sa sariwang suplay ng tubig. Bagaman itinuturing na bulnerable ang pinagkukunan ng tubig sa mga aktibidad sa pagpapastol ng mga tupa at baka, mahalagang tandaan na maraming hadlang para sa pisikal na pag-alis ng mga kontaminante, at dinidisipekta ang tubig sa planta ng paggamot ng tubig.

Makikita rin ang higit na impormasyon sa website ng lungsod, www.cityofamericancanyon.org. Mag-click sa '**City Departments, Public Works**' (Mga Departamento ng Lungsod, Mga Pampublikong Gawain) para ma-access ang higit na impormasyon tungkol sa mga sistema ng patubig at duming tubig ng Lungsod ng American Canyon.

Para sa higit na impormasyon sa inuming tubig at sa mga propesyonal na naghahatid nito, bisitahin ang www.drinktap.org. Idinisenyo ang site na ito upang maging isang mapagkukunan para sa pangkalahatang publiko upang matuto nang higit pa tungkol sa kanilang inuming tubig at upang ipagbigay-alam sa mga mamimili ang tungkol sa iba't ibang mga isyung may kinalaman sa tubig, kabilang ang mga artikulong idinisenyo upang ilarawan ang mga komplikadong isyu sa tubig sa simpleng paraan.

Impormasyon sa Kalidad ng Tubig

Impormasyon sa Kontaminante sa Pinagmumulang Tubig

Mga kontaminanteng mikrobyo, tulad ng mga virus at bakterya na maaaring manggaling mula sa mga planta ng paggamot ng dumi sa alkantarilya, mga sistema ng poso-negro, mga gawain sa paghahayupan para sa agrikultura, at mga mailap na hayop at halaman. Kinakailangan ang pagbabantay para sa mga kontaminanteng bakterya sa sistema ng

distribusyon ng ginamot na tubig upang matukoy ang presensiya ng mga kontaminanteng mikrobyo tulad ng mga coliform, coliform mula sa dumi, o E. coli.

Mga inorganikong kontaminante, tulad ng mga asin at metal, na maaaring likas na nabubuo o bunga ng pagsaid ng tubig-ulan sa kalunsuran, duming tubig na dumadaloy mula sa industriyal o domestikong pinagmulan, produksiyon ng langis at gaas, pagmimina, o pagsasaka.

Mga pestisidyo at lason sa halaman, na maaaring manggaling sa iba't ibang pinagmulan tulad ng agrikultura, pagsaid ng tubig-ulan sa kalunsuran, at mga paggamit sa tirahan.

Mga organikong kemikal na kontaminante, kabilang ang mga sintetiko at madaling sumingaw na organikong kemikal, na mga kakambal na produkto ng mga industriyal na proseso at produksiyon ng petrolyo, at maaari ding manggaling sa mga estasyon ng gaas, pagsaid ng tubig-ulan sa kalunsuran, paggamit sa agrikultura, at mga sistema ng poso-negro.

Mga radyoaktibong kontaminante, na maaaring likas na nabubuo o bunga ng produksiyon ng langis at gaas at mga aktibidad sa pagmimina.

Arseniko: Patuloy na sinasaliksik ng California Department of Public Health (Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California) ang mga epekto sa kalusugan ng mga mababang antas ng arseniko, isang mineral na kilalang nagsasanhi ng kanser sa mga tao sa matataas na konsentrasyon at naiuugnay sa iba pang mga epekto sa kalusugan tulad ng pagkasira ng balat at mga problema sa sirkulasyon ng dugo.

Cryptosporidium / Giardia: Mga mikrobyong pathogen (anumang nagdudulot ng sakit) na matatagpuan sa pang-ibabaw na tubig sa buong Estados Unidos. Bagaman inaalís ng pagsala ang Cryptosporidium at Giardia, hindi magagarantiya ng mga karaniwang ginagamit na paraan sa pagsala ang 100% na pagkaalis. Ipinapakita ng aming pagbabantay ang presensiya ng mga organismong ito sa aming pinagkukunang tubig. Hindi namin nagagawang matukoy gamit ang mga kasalukuyang paraan ng pagsusuri kung patay na ang mga organismo at kung may kakayahan ang mga ito na magdulot ng sakit. Maaaring magsanhi ang pagkakalulon ng Cryptosporidium ng cryptosporidiosis, isang impeksiyon sa tiyan. Kabilang sa sintomas ng impeksiyon ang pagduduwal, pagdudumi, at pamumulikat ng tiyan. Maaaring gumaling sa sakit ang karamihan ng malulusog na indibidwal sa loob ng ilang linggo. Gayunman, ang mga taong may mababang antas ng proteksiyon laban sa sakit ay mas nanganganib na magkaroon ng sakit na nagbabanta sa buhay. Hinihikayat namin ang mga indibidwal na may mababang antas ng proteksiyon laban sa sakit na magpakonsulta sa kanilang doktor ukol sa mga angkop na paunang pag-iingat na kailangang gawin para maiwasan ang impeksiyon. Nagdudulot ng sakit ang cryptosporidium kapag nalulon ito, at maaaring kumalat ito sa iba pang mga paraan bukod sa inuming tubig.

Impormasyon sa Kontaminante ng Ginamot na Tubig

Regular na binabantayan ng Lungsod ng American Canyon kung may mga kontaminante sa inyong inuming tubig alinsunod sa mga pederal at pang-estadong batas. Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang mga resulta ng aming pinakabagong pagbabantay para sa panahon ng Enero 1, 2018 hanggang Disyembre 31, 2018 maliban kung iba ang binanggit.

Maaaring makatwirang asahan na lahat ng inuming tubig, kabilang ang de-boteng tubig, ay naglalaman ng kahit kaunting dami ng ilang mga kontaminante. Ang presensiya ng mga kontaminante ay hindi tiyak na nangangahulugan na may bantang panganib ang tubig. Maaaring makuha ang higit na impormasyon tungkol sa mga kontaminante at mga potensiyal na epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa Safe Drinking Water Hotline ng EPA sa 1-800-426-4791.

Mga Sensitibong Populasyon: Maaaring mas vulnerable ang ilang tao sa mga kontaminante sa inuming tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang mga taong may mababang antas ng proteksiyon laban sa sakit tulad ng mga taong may kanser na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa transplant ng bahagi ng katawan, mga taong may HIV/AIDS or iba pang mga karamdaman sa immune system (sistema ng panlaban sa sakit), ilang matanda, at mga sanggol ay maaaring maging lubusang nanganganib mula sa mga impeksiyon. Kailangang humingi ang mga taong ito ng payo tungkol sa inuming tubig mula sa kanilang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Makukuha ang mga patnubay ng EPA/CDC sa mga naaangkop na paraan para mabawasan ang panganib ng impeksiyong dulot ng Cryptosporidium at iba pang mikrobyong kontaminante mula sa Safe Drinking Water Hotline sa 1-800-426-4791.

Mga Trihalomethane at Haloacetic Acid: Maaaring makaranas ang ilang taong umiinom ng tubig na naglalaman ng mga THM at HAA na lampas sa MCL pagkalipas ng maraming taon ng mga problema sa atay, bato, o sentral na sistema ng nerbiyo at maaaring may mas mataas ng panganib na magkaroon ng kanser.

Tingga (Lead) at Tanso: Karaniwang mas bulnerable ang mga sanggol at mga bata sa tingga sa inuming tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Posibleng maging mas mataas ang mga antas ng tingga sa inyong tirahan kaysa sa ibang tirahan sa komunidad bilang resulta ng mga materyales na ginamit sa paglalagay ng mga tubo sa inyong tirahan. Wala sa mga sampol na kinolekta noong 2017 ang lumampas sa antas na nangangailangan ng aksiyon para sa tingga at tanso. Magaganap ang susunod na panahon ng pagsusuri para sa tingga at tanso sa 2020.

Pagtitipid ng Tubig

Tulad ng maaaring nababatid ninyo, nagpapataw ang maraming utilidad ng tubig sa buong Estado ng mahigpit na mga hakbang sa pagtitipid bilang resulta ng patuloy na tagtuyot. Kahit na sa mga pinakamagandang panahon, hinihikayat ang mga kostumer ng tubig na magtipid ng tubig. Inirerekomenda ng American Water Works Association ang mga sumusunod na hakbang para tumulong sa pagtitipid ng tubig:

- *Huwag labis na diligan ang inyong damuhan sa paligid ng bahay. Magdilig lamang kada tatlo hanggang limang araw sa tag-init, at kada sampu hanggang labing-apat na araw sa taglamig.*
- *Upang maiwasan ang pagkawala ng tubig sa pagsingaw, huwag diligan ang inyong damuhan sa pinakamainit na oras ng araw o kapag mahangin.*
- *Maghugas lamang ng mga pinagkainan at maglaba ng mga damit kung puno na ang mga ito.*
- *Kapag manu-manong naghuhugas ng pinagkainan, gumamit ng dalawang palanggana – isa para sa paghuhugas at isa para sa pagbanlaw kaysa sa hayaang dumaloy ang tubig.*
- *Gumamit ng walis kaysa sa hose sa paglinis ng mga bangketa at daanan ng sasakyan.*
- *Kung mayroon kayong swimming pool, lagyan ito ng pantakip. Mababawasan ninyo ang pagkawala ng tubig dulot ng pagsingaw nang 90 porsiyento.*
- *Ayusin ang mga tumatagas na gripo at inidoro. Maaaring makapag-aksaya ang mga tumutulong gripo ng 2,000 galon ng tubig sa isang taon. Maaaring makapag-aksaya ang mga tumatagas na inidoro ng hanggang sa 200 galon sa isang araw.*

Binubuo ng talahanayan sa ibaba ang mga kontaminanteng natuklasan sa panahon ng Enero 1, 2018 hanggang Disyembre 31, 2018.

Ginamot na Tubig						
Mga Pangunahing Inorganikong Kontaminante						
<i>Elemento</i>	<i>Mga Yunit</i>	<i>MCL</i>	<i>PHG/MCLG</i>	<i>Average</i>	<i>Saklaw</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
Nitrate	ppm	45	45	0.20	0.12 – 0.34	
Aluminum	ppb	1000		28	25 – 34	Mga duming nagmumula sa mga pagawaan ng bakal at pulp (materyal sa paggawa ng papel) at pagtubog ng kromo (chromium); pagkaagnas ng mga likas na deposito
Fluoride	ppm	2	1	0.112	ND – 0.337	Pagkaagnas ng mga likas na deposito

Mga Sekondaryang Inorganikong Kontaminante						
<i>Elemento</i>	<i>Mga Yunit</i>	<i>SMCL</i>	<i>PHG/MCLG</i>	<i>Average</i>	<i>Saklaw</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
Kulay	Mga Yunit ng Kulay	15	N/A	1.8	0 – 19	Mga organikong materyal na likas na nabubuo
Chloride	ppm	500	N/A	40.4	ND – 110.5	Pagsaid/pagkakatanggal mula sa mga likas na deposito; impluwensiya ng tubig-dagat
Manganese	ppb			14	3.2 – 43	Pagkaagnas ng mga likas na deposito
Sulfate	ppm	500	N/A	45.5	13.6 – 138.1	Pagsaid/pagkakatanggal mula sa mga likas na deposito; mga industriyal na dumi

Kabuuang Natunaw Mga Solido	ppm	1000	N/A	259	114 - 571	Pagsaid/pagkakatanggal mula sa mga likas na deposito
Espesipikong Kakayahang Magpadaloy ng Elektrisidad	uS/cm	1600	N/A	415	189 – 958	Mga elementong bumubuo sa mga ion sa tubig; impluwensiya ng tubig-dagat

Mga Hindi Kontroladong Kontaminante						
<i>Elemento</i>	<i>Mga Yunit</i>	<i>NL</i>	<i>PHG/MCLG</i>	<i>Average</i>	<i>Saklaw</i>	
Vanadium	ppb			1.95	ND – 3.0	Nakakatulong ang pagbantay sa hindi kontroladong kontaminante sa EPA at Estado sa pagtukoy kung saan nabubuo ang ilang mga kontaminante at kung kailangan bang ipailalim sa regulasyon ang mga kontaminante
Barium	ppb			33.5	23 - 56	
Nikel	ppb			1.9	1.0 – 3.6	

Sodium at Katigasan						
<i>Elemento</i>	<i>Mga Yunit</i>	<i>MCL</i>	<i>PHG/MCLG</i>	<i>Average</i>	<i>Saklaw</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
Sodium	ppm	N/A	N/A	21	11 - 32	Karaniwang natatagpuan sa tubig sa ibabaw ng tubig at tubig sa lupa
Katigasan	ppm	N/A	N/A	115	68 - 221	

Husay ng Pagsala				
<i>Elemento</i>	<i>Pamantayan ng Husay</i>	<i>Pinakamataas na Sukat na Isahang Natuklasan</i>	<i>% ng Mga Sampol <0.3 NTU</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
Sukat ng Pagkalabo ng Tubig	TT=1NTU, 95% ng mga sampol ay dapat <0.3NTU	0.357	99.6	Pagsaid ng lupa

Mga Mikrobyong Kontaminante					
<i>Elemento</i>	<i>Kabuuang # ng Mga Sampol na Kinuha</i>	<i>Pinakamataas na Bilang ng Mga Positibong Sampol na Pinapahintulutan Kada Buwan (MCL)</i>	<i>Pinakamataas na Buwanang Bilang ng Mga Positibong Sampol</i>	<i>Kabuuang Bilang ng Mga Positibong Sampol ng Coliform sa Dumi o E. coli</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
Bakteryang Coliform	263	1	1	1	Likas na nasa kapaligiran

Mga Tira ng Pandisimpekta, Mga Kakambal na Produkto ng Pandisimpekta, at Mga Precursor (Panimula) ng Kakambal na Produkto ng Pandisimpekta						
Mga Trihalomethane (THM) at Mga Haloacetic Acid (HAA): Regular na Pagkuha ng Sampol para sa Regulasyon						
<i>Elemento</i>	<i>Mga Yunit</i>	<i>MCL</i>	<i>PHG/MCLG</i>	<i>Pinakamataas na Taunang Average ng Pagpapatakbo</i>	<i>Saklaw</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
Mga THM	ppb	80	N/A	66.08	50.00 – 66.08	Mga kakambal na produkto ng pagkakatanggal ng kloro sa inuming tubig
Mga HAA	ppb	60	N/A	44.70	27.85 – 44.70	

Mga Tira ng Kloro						
<i>Elemento</i>	<i>Mga Yunit</i>	<i>MRDL</i>	<i>MRDLG</i>	<i>Average</i>	<i>Saklaw</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
Kloro	ppm	4.0	4.0	0.68	0.10 – 1.48	Idinagdag ang pandisimpekta ng inuming tubig para sa paggamot

Kabuuang Organikong Karbon						
<i>Elemento</i>	<i>Pagsunod</i>	<i>MCL</i>	<i>PHG/MCLG</i>	<i>Average na Ratio</i>	<i>Saklaw ng Ratio</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
TOC	Ang Ratio ng Pag-alis ay dapat >1	TT	N/A	1.77	1.54 – 2.05	Iba-ibang pinagmulan na likas at gawa ng tao

Tingga at Tanso					
<i>Elemento</i>	<i>Mga Yunit</i>	<i>AL</i>	<i>PHG</i>	<i>Antas na Natuklasan sa ika-90 Bahagdan (Percentile)</i>	<i>Mga Pinagmulan ng Kontaminante</i>
Tingga	ppb	15	2	ND	Kaagnasan ng mga tubo; pagkaagnas ng mga likas na deposito
Tanso	ppb	1300	170	28	
<i>Tandaan: Nagsagawa ng pagsusuri ng Tingga at Tanso sa 30 tirahan noong 2017. Lahat ng mga sampol ay nasa ibaba ng mga antas na nangangailangan ng aksiyon.</i>					

Mahalagang Depinisyon

Maximum Contaminant Level (MCL, Pinakamataas na Antas ng Kontaminante)

Ang pinakamataas na antas ng isang kontaminante na pinapahintulutan sa inuming tubig. Itinatakda ang mga Pangunahing MCL sa pinakamalapit sa mga PHG at MCLG hanggang posible ayon sa aspektong ekonomikal o teknikal. Itinatakda ang mga secondary maximum contaminant level (SMCL, sekondaryang pinakamataas na antas ng kontaminante) para protektahan ang amoy, lasa, at hitsura ng inuming tubig.

Maximum Contaminant Level Goal (MCLG, Layuning Pinakamataas na Antas ng Kontaminante)

Ang antas ng isang kontaminante sa inuming tubig, na kung saan ang antas na mas mababa dito ay walang kilala o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ang mga MCLG ng US Environmental Protection Agency.

Public Health Goal (PHG, Layunin sa Pamublikong Kalusugan)

Ang antas ng isang kontaminante sa inuming tubig, na kung saan ang antas na mas mababa dito ay walang kilala o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ang mga PHG ng California Environmental Protection Agency (Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran ng California).

Action Level (AL, Antas na Nangangailangan ng Aksiyon)

Ang konsentrasyon ng isang kontaminante kung saan, kung lalampas, ay magpapasimula ng paggamot o iba pang mga kahingiayang dapat sundin ng isang sistema ng inuming tubig.

Treatment Technique (TT, Paraan ng Paggamot)

Isang kinakailangang proseso na inilaan para mabawasan ang antas ng isang kontaminante sa inuming tubig.

**Primary Drinking Water Standard (PDWS,
Pangunahing Pamantayan ng Inuming Tubig)**

Ang mga MCL at MRDL para sa mga kontaminante na nakakaapekto sa kalusugan kasama ng kanilang mga kahingian sa pagbabantay at pag-uulat, at mga kahingian sa paggamot ng tubig.

**Maximum Residual Disinfectant Level (MRDL,
Pinakamataas na Antas ng Natitirang
Pandisimpekta)**

Ang antas ng isang pandisimpektang idinaragdag para sa paggamot ng tubig na hindi maaaring lumampas sa gripo ng mamimili.

**Maximum Residual Disinfectant Level Goal
(MRDLG, Layuning Pinakamataas na Antas ng
Natitirang Pandisimpekta)**

Ang antas ng isang pandisimpektang idinaragdag para sa paggamot ng tubig na nasa ibaba kung saan (MRDLG) walang kilala o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatagda ang mga MRDLG ng USEPA.

Mga Akronim

ND	None Detected (Walang Natuklasan)	USEPA	US Environmental Protection Agency (Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos)
NS	No Standard (Walang Pamantayan)	CDPH	California Department of Public Health (Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California)
NA	Not Analyzed (Hindi Nasuri)	NBA	North Bay Aqueduct
N/A	Not Applicable (Hindi Angkop)	SWP	State Water Project (Proyekto ng Patubig ng Estado)
Ppm	parts per million (bahagi kada milyon)	DBP	Disinfection Byproducts (Mga Kakambal na Produkto ng Pagdidisimpekta)
ppb	parts per billion (bahagi kada bilyon)	TOC	Total Organic Carbon (Kabuuang Organikong Karbon)
uS/cm	microsiemens per centimeter (microsiemens kada sentimetro)	THM	Trihalomethanes
NL	Notification Level (Antas ng Pag-abiso)	HAA	Mga Haloacetic Acid

Mga Halimbawa para sa Mga Layunin ng
Paghahambing

Isang part per million:

Isang minuto sa dalawang taon
Kalahating aspirin na tinunaw sa isang banyera
ng tubig
Nag-iisang sentimo sa \$10,000

Isang part per billion:

Isang minuto sa dalawang libong taon
Isang aspirin na tinunaw sa isang pang-Olympics na swimming pool
Nag-iisang sentimo sa \$10,000,000

Makukuha ang abisong ito sa wikang Ingles, Tagalog, at Espanyol sa City Hall, sa Utility Billing Counter (Counter sa Paniningil ng Utilidad) at sa Website ng Lungsod.